


IKAW BA AY MABUTING TAO?
KILALANIN SI JUAN MABUTI, KUNG LAHAT NG TAONG MABUTI AY PUPUNTA SA LANGIT SIGURADONG SI JUAN MABUTI ANG MAUUNA SA PILA.
AKO... SINUSUBUKAN KONG GAWIN ANG TAMA.
SINUSUNOD MO BA ANG SAMPUNG UTOS NG DIOS?
OO NAMAN.
SIGURADO KA? OKAY LANG BA KUNG BASAHIN NATIN SILA?
AH... EH... SIGE
NAKAPAGSINUNGALING KA NA BA?
OO NAMAN SINO BANG HINDI?
KUNG IKAW AY NAKAKAGAWA NG 5 KASALANAN SA ISANG ARAW...
SA LOOB NG ISANG TAON IKAW AY NAKAGAWA NG 1,825 KASALANAN AT KUNG IKAW AY MABUBUHAY NG 70 TAON, SINUWAY MO ANG UTOS NG DIYOS HUMIGIT KUMULANG SA 127,000 BESES!
AT KINAKAILANGAN MONG PANAGUTAN ANG BAWAT KASALANANG GINAWA MO SA ARAW NG PAGHUKOM. (ROMA 14:12)
PATATAWARIN BA AKO NG DIYOS?
SUBUKAN NATIN IYAN SA KORTE...
ALAM KO SINUWAY KO AT HINDI SINUNOD ANG UTOS NG DIYOS, MAAARI MO BANG PALAMPASIN ITO?
TIWALING HUWES LANG ANG PAPAYAG SA PAKIUSAP MO. AT ANG MABUTING HUKOM AY GAGAWA NG TAMA.
SA HUSTISYA BAWAT KASALANAN NA GINAWA MO AY DAPAT PAGBAYARAN.
ANG DIYOS AY BANAL, MATUWID NA HUKOM. AYAW NIYA ANG KASALANAN, SI JESUS NAGBIBIGAY BABALA, NA ANG PANGINOON AY NAPUPUOT SA LAHAT NG NAGKAKASALA. "AT IHAHAGIS SA MANINGAS NA PUGON. DOO'Y MANANANGIS SILA AT MAGNGANGALIT ANG KANILANG NGIPIN." (MATEO 13:42)
LUNOK!
PAANO MAKAKAPUNTA ANG ISANG TAO SA LANGIT?
MAYROON ISANG PARAAN...
KUNG MAY ISANG TAO NA WALANG NAGAWANG KASALANAN AT SIYA ANG AAKO NG KAPARUSAHAN NA DAPAT PARA SA IYO MAARI KANG PAWALAN NG SALA AT MAKALAYA.
MAHAL KA NG DIYOS AT PINADALA NIYA ANG BUGTONG NA ANAK NA SI HESUS UPANG MAMATAY SA KRUS AT BAYARAN ANG ATING KASALANAN.
AT SIYA AY NABUHAY MULI AT NAPAGTAGUMPAYAN ANG KAMATAYAN.
HINDI MO MAKAKAMIT ANG BUHAY NA WALANG HANGGAN SA SARILI MONG PARAAN. ITO AY KALOOB NG DIYOS NA WALANG KABAYARAN SA SINUMANG GUSTONG MAKAMIT ITO. (GAWA 20:21) PATATAWARIN KA NI HESUS AT BIBIGYAN KA NG BAGONG PAGKATAO. (2 KORINTO 5:17)
MAARI MONG BASAHIN ANG BIBLIA AT SUNDIN ANG MGA SINASABI NITO. HUMANAP KA NG MABUTING SIMBAHANG KRISTIANO AT IBAHAGI MO SA IBA ANG MABUTING BALITA!
Kailangan natin basahin ang Biblia upang malaman ang katotohanan.



ANONG TAWAG SA TAONG HINDI NAGSASABI NG KATOTOHANAN?
SINUNGALING.
KUMUHA KA NA BA NG BAGAY NA HINDI SA IYO?
HINDI PA.
HINDI KA NAGSASABI NG KATOTOHANAN.
??AH...OO NGA PALA NUONG BATA PA AKO KUMUHA AKO NG CANDY SA ISANG TINDAHAN.
ANO ANG TAWAG MO SA TAONG KUMUKUHA NG BAGAY NA HINDI SA KANYA?
MAGNANAKAW.
NAGAWA MO NA BANG TUMINGIN NG MAY PAGNANASA SA ISANG BABAE?
OO NAMAN.
SINABI NI JESUS, "NGUNIT NGAYO'Y SINASABI KO SA INYO ANG SINUMANG TUMINGIN NG MAY HALAY NA PAGNANASA SA ISANG BABAE, SA ISIP NIYA'Y NAKIAPID NA SIYA SA BABAING IYON." (MATEO 5:28)
GINAMIT MO BA ANG PANGALAN NG DIOS PARA ISUMPA ANG KAPWA TAO MO?
E#!?# TUMINGIN KA SA DARAANAN MO.
ANG TAWAG DOON AY PAGLALAPASTANGAN SA NGALAN NG DIOS, "HUWAG NINYONG BABANGGITIN, SA WALANG KABULUHAN ANG PANGALAN NI YAHWEH. SAPAGKAT PARURUSAHAN KO ANG SINUMANG BUMANGGIT NITO NANG WALANG KABULUHAN." (EXODO 20:7)
SA IYONG SARILING SALITA INAMIN MO NA IKAW AY SINUNGALING, MAGNANAKAW AT MANGANGALUNYA SA PUSO AT ISIP. AT APAT SA 10 UTOS AY SINUWAY MO AGAD.
OO NA, SIGE NA, HINDI AKO PERFECT!
SA KATUNAYAN IKAW AY MASAHOL PA SA MGA GINAWA MO...
ANG KASALANAN AY HINDI LAMANG PAGGAWA NG MGA BAGAY NA MALI. MASASABING KASALANAN DIN KUNG **HINDI** MO GAGAWIN ANG TAMA AT MABUTI.
"ANG NAKAKAALAM NG MABUTI NA DAPAT NIYANG GAWIN NGUNIT HINDI NITO GINAGAWA AY NAGKAKASALA." (SANTIAGO 4:17)
AT HETO PA!
IPAGPALAGAY MONG MAARI TAYONG MAGLAGAY NG MEKANISMO NA MAGTATALA NG LAHAT NG INIISIP MO SA LOOB NG ISANG LINGGO.
MATAPOS ITALA ANG NASA ISIP MO IPALABAS NATIN AT GAWING SINE PARA MAPANOOD NG PAMILYA MO AT MGA KAIBIGAN.
HUWAG! NAKAKAHIYA!
"ITO'Y IYONG MABABATID PAGKAT SA 'YO'Y WALANG LIHIM, SA IYO AY WALANGLINGID NA ISIPAN AT DAMDAMIN." (AWIT 44:21)
IKUMPARA NAMAN SA **MGA TAONG ITO**, MASASABI NA AKO AY ISANG SANTO!
6 ft
5 ft
4 ft
TOTOO ANG SINASABI MO, SUBALIT HINDI PAMANTAYAN NG DIYOS ANG PAMANTAYAN NG TAO.